

4

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuarter

Linggo

1

## Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4 Kuwartar 1: Linggo 1

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa [ncr@deped.gov.ph](mailto:ncr@deped.gov.ph).

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
**Patnugot: Sara Z. Duterte**  
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

### **Writer:**

### **Development Team**

Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza,  
B. Bhivian A. Adaza, Editha T. Giron  
Dr. Marites B. Directo, Joy M. Amarante,  
Joel L. Salivio, Andrew E. Tan

### **Content Reviewer:**

Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija

### **External Content Validator:**

???

### **External Language Validator:**

### **Illustrator:**

Leimar Padre

### **Layout Artist:**

Rey Miguel, Albert James Macaraeg

### **Management Team**

**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV  
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director  
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD  
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head  
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor  
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

<b>MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin</b>	<b>Paaralan:</b>		<b>Baitang:</b>	
	<b>Pangalan ng Guro:</b>		<b>Asignatura:</b>	
	<b>Petsa at Oras ng Pagtuturo:</b>		<b>Kuwartar:</b>	

	<b>UNANG ARAW</b>	<b>IKALAWANG ARAW</b>	<b>IKATLONG ARAW</b>	<b>IKAAPAT NA ARAW</b>
<b>I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM</b>				
<i>A. Pamantayang Pangnilalaman</i>	Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal.			
<i>B. Pamantayan sa Pagganap</i>	Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa.			
<i>C. Mga Kasanayang Pampagkatuto</i>	Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon.			
<i>D. Mga Layunin</i>	Nauunawaan ang konsepto ng heograpiya sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng Pilipinas.	Nakilala ang globo bilang modelo ng mundo at ang mga espesyal na guhit nito.	Nagagamit ang mapa bilang patag na modelo ng mundo at mga direksiyon upang matukoy ang lokasyon o kinaroroonan ng isang lugar.	Natutukoy ang tiyak na lokasyon ng Pilipinas ayon sa mga espesyal na guhit sa globo.
<i>E. Disenyong Instruksiyunal</i>	4Es Approach Context Collaboration Ideational	4Es Approach Context Ideational	4Es Approach Context Ideational	4Es Approach Context Ideational
<i>F. 21<sup>st</sup> Century Skills</i>	Communications Skills Learning and Innovation Skills	Communications Skills Learning and Innovation Skills	Communications Skills Learning and Innovation Skills	Communications Skills Learning and Innovation Skills
<b>II. NILALAMAN/PAKSA</b>	Konsepto ng Heograpiya	Ang Globo at Mga Espesyal na Guhit nito	Ang Mapa at Mga Direksiyon	Kinalalagyan ng Pilipinas (Tiyak na Lokasyon)
<b>III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</b>				
<i>A. Mga Sanggunian</i>	Batayang Aklat	Batayang Aklat	Batayang Aklat	Batayang Aklat
<i>B. Iba pang Kagamitan</i>	MS Powerpoint o iba pang presentation applications	MS Powerpoint o iba pang presentation applications  Globo o larawan ng globo	MS Powerpoint o iba pang presentation applications  Mapa ng Pilipinas <i>compass rose</i>	MS Powerpoint o iba pang presentation applications  Mapa ng Pilipinas ( <i>latitude and longitude map</i> ) Globo

#### IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

##### Bago Ituro ang Aralin

<p><i>Panimulang Gawain</i></p>	<p><b>Unlock the keyword</b> Mula sa alpabeto (A -1, B-2, C-3,...) ay tukuyin ang nakatagong salita sa ibaba. Ilagay ang sagot sa kahon.</p> <table border="1" data-bbox="510 422 743 817"> <tr><td>8</td><td></td></tr> <tr><td>5</td><td></td></tr> <tr><td>15</td><td></td></tr> <tr><td>7</td><td></td></tr> <tr><td>18</td><td></td></tr> <tr><td>1</td><td></td></tr> <tr><td>16</td><td></td></tr> <tr><td>9</td><td></td></tr> <tr><td>25</td><td></td></tr> <tr><td>1</td><td></td></tr> </table> <p>Gabay na Tanong: 1. Ano ang nabuong salita? 2. Ano ang iyong pagkakaunawa sa nabuong salita? 3. Bakit mahalaga itong maunawaan ng mag-aaral na tulad mo?</p>	8		5		15		7		18		1		16		9		25		1		<p>Saan mo gustong pumunta dito sa Pilipinas?</p> <p>Anong bansa naman ang gusto mong puntahan?</p> <p>Alam mo ba kung saan matatagpuan ang mga sinabi mong lugar?</p> <p>Magpakita ng globo.</p> <p>Ilarawan ang iyong nakikita. Para saan kaya ito?</p>	<p>Tanungin:</p> <p>Paano masasabi na ang isang lugar ay isang bansa? (Balik-aral)</p> <p>Ituro kung saan sumisikat ang araw at kung saan lumulubog ang araw?</p> <p>Pagpapakita ng mapa ng Pilipinas</p> <p>Tukuyin ang nakikita.</p> <p>Ano ang gamit nito?</p>	<p>Tanungin:</p> <p>Ano ang mapa? (Balik-aral)</p> <p>Humarap sa direksyon ng Hilaga, Timog, Kanluran, Silangan, Timog-silangan Hilagang-kanluran</p> <p>Bakit mahalagang malaman ang mga direksiyon?</p>
8																								
5																								
15																								
7																								
18																								
1																								
16																								
9																								
25																								
1																								
<p><i>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</i></p>	<p>Paglalahad ng aralin tungkol sa konseptong nakapaloob sa heograpiya.</p> <p>A. Kahulugan ng heograpiya</p> <p><b>Heograpiya</b> – tumutukoy sa siyentipikong pag-aaral</p>	<p>Batay sa iyong mga sagot, handa ka nang matuto sa ating susunod na aralin.</p> <p>Inaasahan na kayo ay aktibong makisali sa lahat ng mga gawain natin.</p> <p>Game na ba kayo?</p>	<p>Batay sa iyong mga sagot, handa ka nang matuto sa ating susunod na aralin.</p> <p>Pagpapakita ng <i>compass rose</i>.</p> <p>Ilarawan ang nakikita.</p> <p>Ano kaya ang gamit nito?</p>	<p>Alam kong handa ka na sa susunod na aralin.</p> <p><b>Pamprosesong Tanong:</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Saang bahagi ng mundo matatagpuan ang Pilipinas?</li> <li>Ilarawan ang kinalalagyan ng Pilipinas ayon sa iyong</li> </ol>																				

	<p>tungkol sa katangiang pisikal ng mundo.</p> <p>B. Saklaw sa Pag-aaral ng Heograpiya:</p> <table border="1" data-bbox="474 328 860 571"> <tr> <td>1</td> <td>Anyong lupa at Anyong Tubig</td> </tr> <tr> <td>2</td> <td>Likas na Yaman</td> </tr> <tr> <td>3</td> <td>Flora at Fauna</td> </tr> <tr> <td>4</td> <td>Klima at Panahon</td> </tr> <tr> <td>5</td> <td>Interaksyon ng Tao at Kapaligiran</td> </tr> </table>	1	Anyong lupa at Anyong Tubig	2	Likas na Yaman	3	Flora at Fauna	4	Klima at Panahon	5	Interaksyon ng Tao at Kapaligiran			<p>natutuhan sa pag-aaral ng mga espesyal na guhit sa globo.</p>
1	Anyong lupa at Anyong Tubig													
2	Likas na Yaman													
3	Flora at Fauna													
4	Klima at Panahon													
5	Interaksyon ng Tao at Kapaligiran													
<p><i>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</i></p>	<p>Gawain: <i>Sample! Sample!</i> Ang mga mag-aaral ay aatasang magbigay ng mga halimbawa o sample sa bawat saklaw sa pag-aaral ng heograpiya.</p> <p>Halimbawang sagot:</p> <table border="1" data-bbox="474 879 860 1225"> <tr> <td>Anyong lupa at Anyong Tubig</td> <td>Bundok Ilog</td> </tr> <tr> <td>Likas na Yaman</td> <td>Yamang Mineral</td> </tr> <tr> <td>Flora at Fauna</td> <td>Halaman at Hayop</td> </tr> <tr> <td>Klima at Panahon</td> <td>Tag-araw Tag-ulan</td> </tr> </table>	Anyong lupa at Anyong Tubig	Bundok Ilog	Likas na Yaman	Yamang Mineral	Flora at Fauna	Halaman at Hayop	Klima at Panahon	Tag-araw Tag-ulan	<p>Magbigay ng blankong kopya ng larawan ng globo sa mga mag-aaral.</p> <p>Iguguhit ng mag-aaral ang mga linya ng globo sa kanilang sagutang papel.</p> <p>Mag-umpisa ng talakayan.</p> <p><b>Latitud</b> ang tawag sa mga pahalang/ pahigang guhit.</p> <p><b>Longhitud</b> ang tawag sa mga patayong guhit.</p> <p><b>Ekwador</b> ang tawag sa guhit na humahati sa gitna ng globo sa hilagang hating globo at timog hating globo. Tinawag din itong <i>zero latitude</i>.</p>	<p>Hikayatin ang mag-aaral na tumingin sa kanyang kapaligiran at maglista ng limang bagay.</p> <p>Ang bawat mag-aaral ay ipapahanap ang bagay na kanilang napili sa kapwa nila kamag-aral gamit ang direksiyon.</p> <p><b>Pamprosesong Tanong:</b></p> <p>Paano natin natutukoy ang kinalalagyan ng mga ito?</p> <p>Ngayon, ating suriin at talakayin ang mga iba't ibang direksiyon.</p>	<p>Gamit ang isang globo, mapa o larawan ng mundo. Ipatukoy ang lokasyon ng Pilipinas.</p> <p>Maaari nating matukoy ang kinaroroonan ng Pilipinas sa pamamagitan ng dalawang paraan.</p> <p>Dalawang Paraan ng Pagtukoy sa Lokasyon:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>4. Tiyak na lokasyon</li> <li>5. Relatibong Lokasyon</li> </ol> <p>Ang pokus ng aralin sa araw na ito ay <u>tiyak na lokasyon</u> o <i>absolute location</i>.</p>		
Anyong lupa at Anyong Tubig	Bundok Ilog													
Likas na Yaman	Yamang Mineral													
Flora at Fauna	Halaman at Hayop													
Klima at Panahon	Tag-araw Tag-ulan													

## Habang Itinuturo ang Aralin

Pagbasa sa  
Mahahalagang  
Pag-unawa/Susing Ideya

Pagpapakita ng guro sa mga inihandang halimbawang larawan at pagbibigay ng kahulugan sa sumusunod:

- Mga Anyong Lupa at Tubig
- Likas na Yaman
- Flora at Fauna
- Klima at Panahon
- Interaksyon ng Tao kapaligiran

**Anyong lupa** – tumutukoy sa pisikal na katangian at natural na pagkakabuo ng lupa sa ibabaw ng daigdig.

*Halimbawa:*

bundok, burol,  
bulubundukin, bulkan,  
talampas, kapatagan,  
lambak, pulo

**Anyong tubig** – tumutukoy sa akumulasyon ng tubig na tumatakip sa ibabaw ng daigdig na maaaring natural o artipisyal na anyong tubig.

*Halimbawa:*

Karagatan, dagat, ilog, batis,  
look, kipot, golpo, Bambang

**Likas na yaman** – tumutukoy sa mga bagay o

Pagpapakita ng larawan ng mga guhit:



Ang mga espesyal na guhit latitude sa globo ay ang sumusunod:

- Tropiko ng Kanser
- Tropiko ng Kaprikorniyo
- Kabilugang Artiko
- Kabilugang Antartiko
- Rehiyong Polar.

Ang *guhit longitud* ay ang mga patayong guhit na nagmula sa *North Pole* patungo sa *South Pole* tulad ng *Prime Meridian* at *International Dateline*.

Ang **prime meridian** ay tinatawag din na zero meridian. (Hanapin sa globo.)

Ang **International Date Line** ay binabagtas nito ang *Greenwich Island* sa London. Batayan din ito sa pagdagdag ng isang araw kung pupunta ka sa silangan.

Ipasuri ang *compass rose* hinggil sa mga direksiyon upang matukoy ang lokasyon ng isang lugar sa mapa.



**H** – Hilaga  
**HS** -Hilagang Silangan  
**S** – Silangan  
**TS** – Timog Silangan  
**T** – Timog  
**TK** – Timog Kanluran  
**K** – Kanluran  
**HK** – Hilagang Kanluran

Kahulugan:

**Tiyak na Lokasyon** – paraan upang matukoy ang eksaktong kinaroroonan ng isang bansa o lugar gamit ang *sistemang grid*.

**Sistemang grid** – pagtukoy sa lokasyon ng isang lugar o bansa sa pamamagitan ng pagtatagpo ng guhit latitude at longitud.

Bago nating, alamin ang tiyak na lokasyon ng bansa natin, ating balikan ang kahulugan ng latitude at longitud.

Latitude - tawag sa mga pahalang/pahigang guhit.

Longitude - tawag sa mga patayong guhit

Tiyak na Lokasyon ng Pilipinas:



	<p>biyayang nakukuha sa kalikasan gaya ng yamang lupa, yamang gubat, yamang tubig, yamang enerhiya, at yamang mineral</p> <p>Flora – tumutukoy sa <i>plant life</i> na matatagpuan sa isang tiyak na lugar o panahon.</p> <p><b>Halimbawa:</b> sampaguita, ilang-ilang, waling-waling, yakal, kamagong, tindalo, mangga, niyog</p> <p><b>Fauna</b> – tumutukoy sa <i>animal life</i> na matatagpuan sa isang tiyak na lugar o panahon.</p> <p>Halimbawa: <i>Philippine eagle</i>, kalabaw, tamaraw, pilandok, tarsier, lapulapu, galunggong, tuna,</p> <p><b>Klima</b> – ito ang kalagayan ng atmospera sa isang lugar sa loob ng mahabang panahon. Ang Pilipinas ay may klimang tropikal kaya nararanasan ang tag-init (Nobyembre-Abril) at tag-ulan (Mayo-Oktubre).</p> <p><b>Panahon</b> – kondisyon ng atmospera sa partikular na</p>			<p>Ang Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ng: 4 - 21 digri hilagang latitud 116 - 127 digri silangang longhitud</p> <p>Ipapakita ng guro ang paraan kung paano natutukoy ang tiyak ng lokasyon ng Pilipinas.</p>
--	---	--	--	---

	<p>lugar sa loob maikling panahon.  <i>Halimbawa:</i>          maaraw, maulan, mahangin, maulap, mahalumigmig, maalinsangan</p> <p><b>Interaksyon ng Tao at Kapaligiran</b> – tumutukoy sa kaugnayan ng tao kanyang kapaligiran na nakaapekto sa kanyang pamumuhay.  <i>Halimbawa:</i>  <i>Paraan ng pamumuhay</i> – ang malapit sa katubigan ay karaniwang pangingisda ang pangunahing kabuhayan samantalang ang mga nasa kapatagan ay mga magsasaka.</p> <p><i>Pananamit</i> – ang kasuotan sa malamig na lugar ay makakapal na damit samantalang sa mainit na lugar ay maninipis o preskong damit.</p>			
<p><i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Pangkatin ang klase sa lima.</p> <p>Ipasagot sa bawat pangkat ang hinihinging datos sa sumusunod:</p>	<p>Gamit ang <i>concept map</i>, tutukoyin ng mga mag-aaral ang mga guhit sa globo.          (patayo at pahiga)</p>	<p>Pangkatin ang mga bata sa tatlo:</p> <p>Magbigay ng pangalan ng mga lugar at pagtukoy kung saang direksiyon ito makikita sa mapa.</p>	<p>Pangkatin ang klase sa lima:  <i>Gagabayan ng guro ang mga bata</i></p> <p>Gamit ang mapa, tumukoy ng limang lalawigan at alamin ang tiyak na lokasyon nito.</p>



Ang sagot ng mga mag-aaral ay nakapokus sa Pilipinas.

	Saklaw	Sagot
1	Anyong Lupa at Tubig	
2	Likas na yaman	
3	Flora at Fauna	
4	Klima at panahon	
5	Interaksyon ng tao at Kapaligiran	

Gabay na Tanong para sa bawat pangkat:


**Pangkat 1:**

1. Ano-ano ang mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa Pilipinas?
2. Saang lugar sa Pilipinas matatagpuan ang mga anyong tupa at tubig na iyong nabanggit?

**Pangkat 2:**

1. Ano-anong mga likas na yaman ang taglay ng ating bansa?
2. Magbigay ng halimbawa

**Pangkat 3:**



*Halimbawa:*


- Ilocos Norte
- Tuguegarao
- NCR
- San Fernando
- Legaspi
- Davao
- Palawan
- Samar
- Tacloban



1. Batangas
2. Tacloban
3. Aparri
4. Zamboanga
5. Cebu

	<p>1. Ano-anong hayop at halaman ang maituturing na sa Pilipinas lamang matatagpuan?</p> <p>2. Magbigay ng halimbawa</p> <p><b>Pangkat 4:</b></p> <p>1. Anong klimang ang nararanasan sa Pilipinas?</p> <p>2. Ano ang panahon ang kadalasang nararanasan sa inyong lugar?</p> <p><b>Pangkat 5:</b></p> <p>1. Paano nakikita ang interaksyon ng tao at kanyang kapaligiran sa sumusunod na sitwasyon:</p> <p>1. Uri ng pamumuhay sa malapit sa anyong tubig at kalupaan?</p> <p>2. Uri ng pananamit sa mainit at malamig na lugar?</p>			
<p><i>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Bakit mahalaga na malaman at maunawaan mo ang heograpiya ng Pilipinas?</p>	<p>Pagpapakita sa mga guhit sa globo:</p> <p>Isa-isahing ilarawan ang mga guhit at ibigay ang kahalagahan ng bawat guhit.</p>	<p>Ang mga mag-aaral ay tatayo at haharap sa direksiyon na tinukoy ng guro.</p> <p>Kanila rin tutukuyin ang mga bagay o tao na kanilang makikita sa direksiyong iyon.</p>	<p>Paglalahad ng sagot ng bawat pangkat at pagwawasto sa gawain.</p> <p>Karagdagang Kaalaman tungkol sa tiyak na lokasyon ng Pilipinas:</p> <p><b>Ekwador</b> – nasa itaas ng ekwador</p> <p><b>Prime meridian</b> – silangan</p>

				<p><b>Tropiko ng kanser</b> – <math>23\frac{1}{2}</math> digri hilagang latitud</p> <p><b>Tropiko ng Kaprikorniyo</b> - <math>23\frac{1}{2}</math> digri timog latitud</p> <p>Ang Pilipinas ay malapit sa ekwador at nasa ilalim ng tropiko ng kanser.</p>
<b>Pagkatapos Ituro ang Aralin</b>				
<i>Paglalatap at Paglalahat</i>	<p>Gawain: Kompletuhin ang talata sa ibaba:</p> <p>Natutuhan ko sa aralin na ang heograpiya ng Pilipinas ay _____</p> <p>_____</p> <p>_____.</p>	<p>Para sa iyo, ano ang kahalagahan ng mga espesyal na guhit ng globo?</p>	<p><b>Pamprosesong Tanong:</b></p> <p>Ano ang mapa?</p> <p>Mahalaga ba ang direksiyon sa pagtukoy ng kinalalagyan ng isang lugar? Bakit?</p>	<p><b>Pamprosesong Tanong:</b></p> <p>Bilang mag-aaral, bakit mahalagang malaman mo ang paraan upang matukoy ang tiyak na lokasyon ng isang lugar o bansa?</p>
<i>Pagtataya ng Natutuhan</i>	<p>Tukuyin kung <b>Tama</b> o <b>Mali</b> ang pahayag ng pangungusap. Itama ang nakasalungguhit na salita para maging tama ang mga maling pangungusap.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. <u>Klima</u> ang tawag sa pansamantalang kalagayan ng atmospera sa isang lugar.</li> <li>2. Ang <u>tao at kapaligran</u> ay may kaugnayan.</li> <li>3. <u>Mayaman</u> ang Pilipinas sa likas na yaman.</li> <li>4. Ang mga anyong lupa sa Pilipinas ay binubuo ng mga bundok, <u>ilog</u>.</li> </ol>	<p>Tukuyin kung anong ispesyal na linya ang inilalarawan.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Ang pabilog na representasyon ng mundo.</li> <li>2. Likhang isip na pahalang na guhit na naghahati sa dalawang bahagi sa mundo sa hilaga at timog.</li> <li>3. Guhit longhitud na may sukat na 0 degree na makikita sa Greenwich.</li> <li>4. Ginagamit na batayan sa pagpapalit petsa/ araw. Ito ay 180 degree mula sa punong meridyano.</li> <li>5. Linyang tumatakbo pasilangan-kanlurang direksiyon paikot sa mundo.</li> </ol>	<p>Maglista ng mga bagay o tao na nasa iyong:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Silangan</li> <li>2. Timog</li> <li>3. Hilaga</li> <li>4. Kanluran</li> <li>5. Timog Kanluran</li> </ol>	<p><b>Kompletuhin ang talata</b></p> <p>Panuto: Ibigay ang tiyak ng lokasyon ng Pilipinas gamit ang mga espesyal na guhit.</p> <p>Ang Pilipinas ay matatagpuan sa pagitan ng _____ hilagang latitud at <math>116 - 127</math> digri _____. Ito na sa _____ ng ekwador at nasa ilalim ng _____. Maaari rin makita ang bansa sa sukat na _____ hilagang latitud ng tropiko ng kanser at tropiko ng kaprikorniyo.</p>

	<p>lambak, bulkan at iba pang anyong lupa.</p> <p>5. Ang flora at fauna sa Pilipinas ay <u>hindi nanganganib</u> na maubos o mawala paglipas ng panahon.</p>			
<p><i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i></p>	<p>Gawain: <b>Dugtong-salita</b> Kompletuhin ang pangungusap sa ibaba:</p> <p>A. Ang heograpiya ay _____.</p> <p>Ang mga konseptong pag-aaralan dito ay may kaugnayan sa _____, _____, _____, at _____.</p> <p>B. Magbigay pa ng iba pang impormasyon na may kaugnayan unang talata.</p>	<p>Iguhit ang mapa ng Pilipinas Sagutan ang <i>Venn Diagram</i>:</p>  <p>Latitud                      Longhitud</p>	<p>Iguhit ang sariling paaralan. Ilagay ang pangunahin at pangalawang direksiyon.</p>	<p>Tukuyin ang tiyak na lokasyon ng mga sumusunod na lugar sa Pilipinas.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Baguio</li> <li>2. Cavite</li> <li>3. Palawan</li> <li>4. Davao</li> <li>5. Sorsogon</li> </ol>
<p><i>Mga Tala</i></p>				

Repleksiyon

--	--	--	--	--